

MPX (Monkeypox) na Bakuna

Administrasyon ng bakuna

Mga pangunahing mensahe

- Mapoprotektahan kayo ng dalawang dosis ng bakunang JYNNEOS laban sa MPX. Makakapili kayo kung anong pamamaraan ng pag-iniksiyon ng JYNNEOS ang gusto ninyo. Parehong mapoprotektahan kayo ng dalawang pamamaraan laban sa MPX.
- Mahalagang tandaan na dalawa ang dosis ng bakunang JYNNEOS. Mababakunahan kayo para sa ikalawang dosis sa loob ng hindi bababa sa 28 araw pagkatapos ng unang dosis.
- Tandaan na walang bakuna na 100% ang pagiging epektibo. Gumawa ng mga hakbang para maprotektahan ang sarili na hindi mahawa sa panahong ito. Alamin ang higit pa sa: sf.gov/MPX.



Ang mapagpipilian ninyo

Mapoprotektahan kayo ng bakunang JYNNEOS laban sa MPX at mababakunahan kayo nito sa dalawang pamamaraan – tagos sa balat (subcutaneously) o mababaw na bahagi ng balat (intradermally). Ginagamit sa iniksiyong intradermal ang mas kaunting bakuna, na magbibigay ng pagkakataon sa mas maraming tao para mabakunahan kapag kulang ang bakunang JYNNEOS para sa lahat ng nangangailangan. Sa ngayon na mas marami nang bakunang JYNNEOS, makakapili na ang mga tao kung anong pamamaraan ang gagamitin sa kanila.

Subcutaneous o Intradermal

Ang subcutaneous ay ang mas karaniwang pamamaraan para mabakunahan. Iniiksiyon ang bakuna sa braso, sa pagitan ng balat at ng kalamnan.

Ibig sabihin ng intradermal ay iniiksiyon ang bakuna sa pagitan ng mga nasa ibabaw na latag (top layers) ng balat. Karaniwang ginagawa ang dosis na intradermal sa braso at lumilikha ng maliit na bula, o “bleb” sa ilalim ng balat. Puwede ring hilingin ng mga tao na iturok ang intradermal na dosis sa kanilang likod sa ibaba ng balikat, o itaas na bahagi ng braso. Magbasa ng mas

maraming impormasyon mula sa CDC kung saan pang parte ng katawan puwede ang iniksiyong intradermal.



Mga side effect

Puwedeng parehong magsanhi ng pagod, sinat, at pananakit ng kalamnan ang dalawang pamamaraan. Karaniwan din sa dalawang pamamaraan ang pamumula, pamamaga, pananakit at pangangati sa bahaging tinurukan. Iwasang kamutin o pahiran ng losyon o gamot ang bahaging tinurukan. Puwedeng takpan ang tinurukan ng benda o malamig na tela para mabawasan ang kati. Karaniwang mas matindi ang reaksiyon sa balat at mas matagal sa mga iniksiyong intradermal.

Bago kayo magpabakuna ng JYNNEOS, tatanungin kayo ng kawani sa klinika kung may kasaysayan kayo ng peklat na keloid (makakapal na alsadong peklat). Kung oo ang sagot ninyo, iniksiyong subcutaneous ang gagamitin sa inyo.




Image source: NYC Health <https://www1.nyc.gov/assets/doh/downloads/pdf/monkeypox/jynneos-intradermal-vaccination.pdf>

Higit pang impormasyon mula sa: <https://www.cdc.gov/poxvirus/monkeypox/interim-considerations/jynneos-vaccine.html#admin>



City & County of San Francisco
Department of Public Health

Bisitahin ang sf.gov/MPX

